

# Seksyon 1557: Saklaw ng Insurance na Pangkalusugan sa Mga Marketplace at Iba Pang Mga Planong Pangkalusugan

---

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon para sa mga karapatang sibil ng Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010. Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng bayad mula sa Medicaid; Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa mga naturang Marketplace; at anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS. Ang mga probisyon ng panuntunan na nangangailangan ng mga pagbabago sa insurance na pangkalusugan o pangkatang benefit design (disenyo ng benepisyo) ng planong pangkalusugan ay malalapat sa unang araw ng unang taon ng plano (sa indibidwal na market, taon ng patakaran), na magsisimula sa mismong araw o pagkalipas ng Enero 1, 2017.

Sinasaklaw din ng Seksyon 1557 ang mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa mga indibidwal na nakatala sa iba't ibang saklaw na nauugnay sa kalusugan. Kasama sa mga sinasaklaw na entity ang:

- Mga issuer ng insurance na pangkalusugan, ospital, klinika, kasanayan ng mga doktor, health center sa komunidad, nursing home, ahensya ng Medicaid sa Estado, atbp. na tumatanggap ng tulong, gaya ng mga tumatanggap ng mga grant, ari-arian, matching fund mula sa Medicaid ng pederal, bayad sa Medicare Part D at pinansyal na tulong alinsunod sa Titulo I ng ACA (Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga)
- Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan na Nakabatay sa Estado at Pinapangasiwaan nang Pederal
- Ipinapatupad ng HHS ang lahat ng programa at aktibidad na pangkalusugan

## Mga Proteksyon para sa Saklaw ng Insurance na Pangkalusugan

Ipinagbabawal ang mga sumusunod na pagkilos batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan. Sa partikular, hindi maaaring gawin ng mga sinasaklaw na entity ang mga sumusunod batay sa diskriminasyon:

- Tanggihan, kanselahin, limitahan, o hindi ibigay o i-renew ang isang plano sa insurance na nauugnay sa kalusugan o iba pang saklaw na nauugnay sa kalusugan.
- Tanggihan o limitahan ang isang paghahabol, o magpataw ng karagdagang bahagi sa gastusin o iba pang mga limitasyon o paghihigpit sa saklaw.
- Gumamit ng mga hindi patas na kasanayan sa marketing, o gumamit o magpatupad ng mga hindi patas na benefit design sa insurance na nauugnay sa kalusugan o iba pang saklaw na nauugnay sa kalusugan.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, bisitahin ang <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557>.